Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG AGOSTO 04, 2025, LUNES, IKA-09:39 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 18 SEP 2025 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED 18 SEP 2025 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 228- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHANG BARANGAY BLG. 01 - T2025/KAUTUSANG BARANGAY BLG. 01 – T2025 NG BARANGAY SAN PABLO SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA UKOL SA PAGPAPALIT NG PANGALAN NG AMBULANSYA NA GAWIN ITONG "RESCUE VEHICLE".**

**Sponsor – HON. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**

**SAPAGKA'T**, ang pagpapalit ng pangalan ng ambulansya na nakasaad sa Kapasiyahan Blg. 01-T2025/Kautusang Barangay Blg. 01 – T2025 ay isinagawa upang higit na umakma sa mga paggagamitan nito;

**SAPAGKA'T,** ang naturang ambulansya ay hindi kumpleto sa kagamitang medikal at walang nurse na nakatalaga dito;

**SAPAGKA'T,** ang pagpapalit ng pangalan ng ambulansya na gagawing "rescue vehicle" ay mas akma sa kadalasang paggamit nito ng mga kabarangay;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan sa pagtalakay ng Lupon sa Kautusan at Batas at Lupon sa Barangay Affairs ay inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng naturang lupon upang bigyang katugunan ang kanilang kahilingan na pagpapalit ng pangalan ng ambulansya.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahang Brgy. Blg. 01 - T2025/Kautusang Barangay Blg. 01 – T2025 ukol sa pagpapalit ng pangalan ng Ambulansya na gawin Itong "Rescue Vehicle" ng Barangay San Pablo Sur, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng mga sipi ng kapasiyahan/kautusang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod, Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, at mga may kinalaman lahat sa bayang ito, para sa kanilang, kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Agosto 04, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan

LAM/CEL25